



MA-ESTRATEHIYANG PUHUNAN

Ang Lungsod ay may available na tinatayang \$11.7 milyong mga pondong non-recurring general-purpose upang ipuhunan sa FY 16 mula sa mga kita ng FY 15 General Fund na mataas mula sa tinanya. Ang mga sumusunod ang buod ng mga rekomendasyon ng Tagapamahala ng Lungsod para sa paggamit ng mga pondong ito.

Pamagat	Tinatayang	Paglalarawan
MGA PAGPAPAHUSAY SA		
Pagpalit ng Signage para sa Paglilinis	\$950,000	Upang masakop ang halaga para sa mga karatula para sa bagong routing at
Pagkabit ng LED na Ilaw sa Buong Lungsod	\$100,000	Upang masakop ang bahagi ng mga bayarin upang mabago ang mga ilaw ng kalsada ng Lungsod sa LED
Mga Pangangailangan para sa Pagtitipid ng Tubig sa Mga Parke	\$415,000	Upang masuportahan ang lumalaking halaga ng tubig at makatulong sa paglipat sa isang landscaping na drought tolerant sa mga median.
Proyekto para sa Document Imaging	\$200,000	Upang maplano ang paglipat ng mga dokumento ng Lungsod upang mapababa ang pangangailangan sa pag-iimbak.
KRITIKAL NA IMPRASTRATURA		
Pag-demolish sa State Courthouse	\$3,055,000	Upang masakop ang bahagi ng mga gastusin upang ma-demolish ang isang state courthouse upang bigyang-daan ang bagong Civic Center.
Pag-aaral at Mga Plano para sa Sidewalk	\$1,000,000	Upang magsagawa ng isang pag-aaral sa sidewalk at mga plano para sa buong sidewalk network ng Lungsod upang palitan ang mga curb ramp at matugunan ang mga isyu sa pag-access ng ADA.
Pag-aayos ng Kalsada at Sidewalk	\$950,000	Upang madagdagan ang pag-aayos at pagpapalit ng kalsada at sidewalk ayon sa pangangailangan, ayon na rin sa tinukoy ng Pavement Management Plan and Sidewalk Study.
IBA PANG MGA PUHUNAN		
Overtime para Makaapekto sa Marahas na Krimen at Iba Pang Mga Aktibidad	\$2,200,000	Upang mapondohan ang overtime upang mag-patrol, mapigilan, maimbestigahan at usigin ang mga marahas na krimen. Ilalaan ang overtime sa gang enforcement, pagpigil ng marahas na krimen at iba pang mga pryoridad ayon sa tutukuyin ng Chief of Police
Makabagong Pagsasanay para sa Kapulisan	\$150,000	Upang mapondohan ang pagsasanay sa mga partikular na disiplina, kabilang ang; cultural at diversity sensitivity; mga estratehiya sa pakikipag-ugnayan sa
Mga Gastusin sa Eleksyon sa FY 16	\$1,500,000	Upang masakop ang netong gastusin ng eleksyon ng Konsehal ng Lungsod sa FY 16
Pag-monitoring at Compliance ng	\$600,000	Upang masakop ang kinakailangang Stormwater NPDES Permit/MOU
Mga Incentive para sa Maliliit na	\$200,000	Upang masakop ang mga gastusin sa paglalaan ng mga incentive sa maliliit na
Recruitment sa Police at Fire Academy	\$150,000	Upang suportahan ang mga gastusin ng Civil Service para sa mga outreach effort para sa akademya ng PD at FD.
Proactive na Initiative para sa Homeless	\$100,000	Upang masuportahan ang mga gastusin para sa pagkukusa para sa mga walang tahanan.
Pagpapatuloy ng Language Access Plan	\$80,000	Upang ipagpatuloy ang pagpapatupad ng Language Access Plan.



INPUT NG PUBLIKO / PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD

May iba't ibang paraan ng paglahok sa proseso ng FY 16 Proposed Budget. Bisitahin ang longbeach.gov o tumawag sa Budget Management Bureau sa (562) 570-6425.

- **LUMAHOK SA BUDGET CHALLENGE NG LONG BEACH**
Hinahamon ka ng simulasyong interaktibong ito na balansehin ang budget ng Lungsod, habang pinagdedesisyunan kung ang umiiral na antas ng pagpopondo ay dapat din bang baguhin. Pumunta sa longbeach.gov/budgetchallenge.
- **LUMAHOK SA SURVEY NG BUDGET PRIORITY NG LONG BEACH**
Binibigyang-daan ka ng simpleng survey na ito na matukoy kung ano dapat ang maging mga pryoridad ng General Fund ng Lungsod. Pumunta sa longbeach.gov/budgetchallenge.
- **DUMALO SA ISANG PAGPUPULONG UKOL SA BUDGET AT IBAHAGI ANG IYONG SALOOBIN NANG PERSONAL**
Online na Kalendarjo
- **TUMAWAG O I-EMAIL ANG IYONG COUNCIL MEMBER**
Tingnan ang online na [Direc\ktoryo](mailto:Director@longbeach.gov).
- **IBAHAGI ANG IYONG SALOOBIN ONLINE**
Twitter #LBFY16 at @LongBeachCity; o sa Facebook, Long Beach City.

IMINUMUNGKAHING BUDGET PARA SA FY 16




LUNGSOD NG LONG BEACH

Nilalagom ng handout na ito ang Iminumungkahing Budget ng City Manager para sa FY 16 na hinarap sa Alkalde at Konsehal ng Lungsod para sa pagsasaalang-alang. Kinakailangang mapagtibay ng Konsehal ng Lungsod ang Budget para sa FY 16 Budget sa Setyembre 15, 2015.

Mahalagang bahagi ang input ng publiko sa proseso ng budget at hinihikayat ang iyong paglahok. Pakitingnan ang likod ng pahina para sa impormasyon kung paano mo maibabahagi sa amin ang iyong saloobin at kagustuhan.

ANG GENERAL FUND


Ang Lungsod ay may \$2.7 bilyong budget. Gayunpaman, karamihan sa mga resource na ito ay nakalaan ayon sa batas para sa mga tukoy na layunin. Ang General Fund lamang, na 15% (\$412 milyon) ng budget, ang ganap na walang paghihigpit. Nagbibigay ito ng maraming resource para sa mga kritikal na serbisyo ng Lungsod kabilang ang police patrol at mga imbestigasyon, pagtugon sa sunog, pag-aayos ng mga parke, kalsada at sidewalk, at serbisyo ng silid-aklatan.



MGA KITA

Pangunahing umaasa ang General Fund sa general tax revenue. Kabilang sa kalakhan ay ang Property Tax, Sales and Use Tax, Property Tax in Lieu of Vehicle License Fees (VLF) at Utility Users Tax, na bumubuo sa tinatayang 60% ng lahat ng kita ng General Fund.

Ang pangkalahatang trend sa mga pangunahing pinagmulan ng kita ng General Fund ay nananatiling pantay sa loob ng limang taon. Habang tumaas ang mga pinagmulan tulad ng property tax at sales tax sa loob ng nabanggit na panahon, ang iba tulad ng utility users tax at parking citations ay nakaranas ng unti-unting pagbaba. Sinasalamin ng FY 16 Proposed Budget ang pagpapatuloy ng isang panahon ng pagpapatatag ng marami sa mga pinagmulan ng kita na nagsimula noong FY 15.



MGA GASTUSIN

Para sa FY 16, 69% ng General Fund ay inilaan para sa Kaligtasan ng Publiko (Police, Fire, at Disaster Preparedness at Emergency Communications). Sumusuporta ang natitirang 31% sa lahat ng iba pang kagawaran ng Lungsod. Ipinapakita ng chart sa ibaba kung paano ibinahagi ang General Fund sa mga kagawaran.

Tinatayang 79¢ ng bawat dolyar ay ginamit para bayaran ang mga sahod at benepisyo ng mga empleyadong nagsasagawa ng mga serbisyo ng Lungsod. Ang natitirang 21¢ ay ibinabayad para sa iba pang mga bayarin tulad ng mga utility, equipment at maintenance, mga kontrata, at mga materyales at supply.

MGA HIGHLIGHT NG BUDGET

MARAMING DAPAT IPAGMALAKI ANG IMINUNGKAHING BUDGET PARA SA FY 16:

PRESERBASYON NG MGA SERBISYO

Napreserba ang Police, Fire, Public Works, Parks, Libraries at iba pang pangunahing serbisyo. Ang Kaligtasan ng Publiko ay patuloy na pinakamataas na prayoridad ng Long Beach. Kabilang sa budget na ito ang parehong Police recruit academy at Fire recruit academy para sa mga bagong sumumpang kawani ng pulis at bumbero. Kabilang din sa iminungkahing budget ang mga non-recurring na pondo na \$2.2 milyon para sa overtime na maaaring ilaan ng Police Chief para sa mga gang prevention effort, pagpigil ng marahas na krimen at iba pang matataas na prayoridad. Ang pondong ito ay bukod pa sa halos \$7.5 milyong pondo para sa overtime ng Kapulisan na kasama sa kanilang budget.

PINATALAS NA PAGTUON SA KRITIKAL NA IMPRASTRATURA

Isang supplemental funding ng \$950,000 para sa mga kalsada at sidewalk ay inalaan sa FY 16 batay sa pangangailangan ayon sa tinutukoy ng bagong aistema sa pavement management at ng bagong plano/pag-aaral sa sidewalk. Pinondohan ang plano sa sidewalk ng karagdagang \$1 milyon. Ang mga halagang ito ay karagdagan pa sa \$4.9 milyon para sa mga pang-residenteng kalsada at \$11.4 milyon para sa mga arterial at secondary street, at \$3 milyong pondo para sa mga sidewalk na inilaan sa FY 16 Capital Budget.

PAGPOPONDO PARA SA AMING PANGAKO NOONG NAKARAAN TAON

Kinikilala ng budget ng FY 16 budget ang mga nakaprogramang pangakong ginagawa ng Konsehal ng Lungsod nitong nakaraang taon at naglalaan ng mga ma-istrukturang solusyon upang ipagpatuloy ang pagpopondo sa mga pangakong ito. Kabilang sa mga pangakong ito ang, ngunit hindi limitado sa, ang Language Access Plan, ang Violence Prevention Plan, pagpigil sa mga walang tahanan, suporta para sa mga Veteran at Technology Commission, at mga incentive para sa maliliit na negosyo.

PAGPOPONDO NG ATING MGA PANGAKO SA KASALUKUYAN AT HINAHARAP

Kabilang sa budget na ito ang \$1 milyon para sa isang pag-aaral tungkol sa sidewalk upang palitan ang mga curb ramp at matugunan ang iba pang mga isyu sa accessibility, at magdagdag ng isang compliance coordinator para sa American with Disabilities Act (ADA) upang mapadali ang mga proyekto ng ADA at mapigilan/matugunan sa mga reklamo ng ADA. Kabilang din dito ang pagpopondo para sumunod sa mga bagong pederal na pangangailangan para sa kalidad ng tubig para sa parehong pag-aari ng Lungsod at pribado, kabilang ang inspeksyon, pagmo-monitor at pagpapahintulot. Bilang karagdagan, sumusunod ang budget na ito sa patakaran ng Konsehal ng Lungsod sa paglalaan ng 5% ng non-recurring revenue na kakalkulahin at irereserba kung nagsara na ang FY 15.

MGA PUHUNAN SA PAGPAPAHUSAY NG EFFICIENCY

Sa FY 16, maaari tayong magpatuloy na mamuhunan sa mga proyektong magbababa ng kasulukuyang gastusin sa hinaharap sa General Fund. Kabilang sa iminumungkahing budget para sa pagtitipid ng tubig at pangangailangan sa tubig, isang malaking proyekto para magbawas ng mga dokumentong papel at karatulang nauugnay sa unang pag-reroute para sa unang paglilinis ng kalsada sa higit 30 taon na magpapahusay sa kalidad ng buhay sa mga lugar na naapektuhan ng pagparada. Naglalaan din ito ng bahagyang pagpopondo para sa pagpapalit ng mga ilaw sa kalsada ng LED. Panghuli, ang mga kawani ay nagpapatuloy sa kanilang pagpupursigi sa pagsasamoderno ng ating kritikal na mga sistemang Financial at HR, na gumagamit pa ng teknolohiya at pamamaraan ng 1970s, sa pamamagitan ng pagpapatupad ng bagong sistema ng Enterprise Resource Planning (ERP). Ang bagong sistema ay maglalaan ng malaking pagpapahusay sa efficiency, transparency at mga kontrol.

PAGTUON SA PAGPAPAUNLAD NG EKONOMIYA

Ang bagong buong Economic & Property Development Department (EPD) katuwang ang mga external na mga partner nito, ang Economic Development Commission, ang Economic Development at Finance Committee ng Konsehal ng Lungsod at ang bagong Bloomberg Grant-funded na in-house Innovation Team (i-team) ng Lungsod, ay sama-samang magtrabaho para matiyak na ang Long beach ay "bukas para sa negosyo," at ang lahat habang sinusuportahan ang ating mga kapitbahayan.

MGA PAGBABAGO AT MGA EFFICIENCY

Gumagawa ang budget na ito ng mga pagbabago sa buong organisasyon upang gawin itong mas mabisa at innovative. Kabilang sa mga pagbabagong ito ang paglipat ng Workforce Development Bureau (Pacific Gateway Workforce Investment Network) mula sa Human Resources Department papunta sa Economic & Property Development Department, nagpapatupad ng isang bagong modelong pagpapalit ng sasakyan para sa Fleet Services Bureau, at patuloy na pagsasamahin ang Fire at Police emergency call-taking at dispatch sa ilalim ng Disaster Preparedness & Emergency Communications Department.



PANANAW

Kabilang sa Iminumungkahing Budget para sa FY 16 ang isang maliit at pansamantalang surplus na \$630,000 na inirekomenda upang ipunin upang makatulong sa paglutas ng mga kakulangan sa hinaharap. Ang FY 16 ay inaasahang magiging isang taon ng pagbabago na magiging mas mahirap na panahon sa pagsisimula ng FY 17. Labas ang mga gastusin na parang nagpapatuloy na mas mabilis kaysa sa kita; at sa loob ng tatlong taon (FY 16 - FY 18), humaharap tayo sa kakulangang \$15.3 milyon.

Gumagana ang budget na ito upang ipreserba at ipagpatuloy ang mga serbisyo na may antas na fiscal na responsibilidad na matatag sa nakaraang disiplina ng Konsehal ng Lungsod. Lalo pa, ang budget ay structurally balanced at ang pansamantalang surplus ay hindi ginamit para sa anumang permanenteng nagpapatuloy na paggastos kaya ang mga serbisyo ay mas malamang na mapananatili. Kasama rin sa budget ang mga ma-estrategyang puhunan upang madagdagan ang mga efficiency at mapanatili ang kritikal na imprastraktura.

Surplus/Deficit sa General Fund

FY 16 Budget FY 17 Projected FY 18 Projected Cumulative

Iminungkahi	\$0.6*	(\$7.5M)	(\$7.8M)	(\$15.3M)
-------------	--------	----------	----------	-----------

*Ina-assume na ang pansamantalang surplus na ito ay hindi nagastos nang structurally, na magpapababa sa deficit ng FY 17 mula sa \$8.1 sa \$7.5 milyon.

MGA HAMON SA KINABUKASAN

Marami pang ibang hamon sa budget ang Lungsod sa hinaharap, kabilang ang:

- Mas mabagal ang pagtaas ng kita kaysa sa halagang inilaan para sa mga serbisyo ng Lungsod;
- Nag-e-expire na mga kasunduan ng empleyado – hindi kabilang sa mga pagtataya para sa FY 16 o higit pa d]rito ang anumang dagdag pasahod o pagbabawas;
- Mga gastusin para sa benepisyo ng empleyado ay mas mabilis kaysa inflation;
- Hindi nakasabay na mga operating budget sa mga pagtaas sa mga bayaring hindi kaugnay ng mga tauhan;
- Ang pangangailangan para sa puhunang kapital para sa imprastraktura ng Lungsod ay higit sa \$1 bilyon;
- Walang nakalaang pagpopondo para sa muling pagpapaunlad ng mga underutilized at mga sirang lugar;
- Habang tinutugunan ng Konsehal ng Lungsod ang hindi naponдохang utang para sa mga pensyon at gumawa na ng mga panimulang hakbang para sa ibang hindi naponдохang utang, nananatili ang underfunding para sa kasalukuyang bayarin upang maglaan para sa subsidiya sa kalusugan ng mga retirado at gastusin para sa sick leave; at
- Isang kamakailang pagbagsak ng presyo ng langis na tumutulong sa pagpondo ng General Fund at mga serbisyo ng Tideldands.

FISCAL NA DISIPLINA

Habang naghahanda ang Lungsod para sa FY 16, isa itong mas manipis at mas mabisang organisasyon kaysa kung ano ito isang dekada na ang nakararaan. Sa panahon ng pagbaba ng pambansang ekonomiya, sabay-sabay na kumilos ang Alkalde, Konsehal ng Lungsod at City Management upang matiyak na ang mga pagbabawas ay magkakaroon ng maliit na epekto sa mga serbisyong pampubliko, sa kabila ng pagtanggap ng tinatayang \$134 milyon sa mga gastusin ng General Fund at 700 posisyon.

Ang pangunahing pokus ay nanatili sa efficiency, pagbabawas ng mga gastusing pang-administratiba at mga bagong pamamaraan ng paghahatid ng serbisyo. Nagpapatuloy na nakatuon ang Iminumungkahing Budget sa fiscal na disiplina. Bukod sa iba pang mga bagay, ito ay:

- Nagpapanatili ng mga kasalukuyang serbisyo;
- Walang ibinibilang na mga bagong patuloy na serbisyo nang hindi na-o-offset ang mga pagbabawas;
- Nagpapatuloy na mag-develop ng mga efficiency at tumuklas ng mga pagbabawas sa gastusin at mga paraan upang ma-maximize ang mga kita para sa hinaharap;
- Isinasama ang mga one-time investment na naka-pokus sa pagbabawas ng mga operating cost;
- Ginagamit ang CalPERS Stabilization Fund at kine-carry over ang pansamantalang surplus upang matugunan ang mga kakulangan sa hinaharap; at
- Naglalaman ng karagdagang pondo para sa mga hindi naponдохang utang ayon sa 5% na patakaran ng Konsehal.





MGA REKOMENDASYON NI ALKALDE ROBERT GARCIA

"Ikinalulugod kong ipakita ang isang balanseng budget na may surplus sa Konseho ng Lungsod at gumawa ng mga rekomendasyon na sumasalamin sa ating mga prayoridad at pagpapahalaga bilang Lungsod, kabilang ang pagsuporta sa mga negosyo, kaligtasan ng publiko at edukasyon. Kinakailangang purihin ang Tagapamahala ng Lungsod, Mga Pinuno ng Mga Kagawaran, Konseho ng Lungsod at bawat kawani ng Lungsod sa mahusay na pamamahala ng ating mga pondo upang gawin ang isang tinatayang kakulangan nang magsimula ang fiscal year, sa isang surplus."

- Alkalde Robert Garcia



MGA MA-ESTRATEHIYANG INISYATIBA

Itinatampok ng \$2.7 bilyon budget ang isang \$630,000 surplus; na nagpapanatili ng mga serbisyo ng Lungsod; nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa pagpapatuloy ng serbisyo sa pampublikong kaligtasan at naglalaan ng mga pamumuhunan sa mga parke, tabing-dagat, kalsada at bangketa.

Ipinapanukala ng budget ang pangangalaga ng mga serbisyo; pinahusay na pagtuon sa mga kritikal na imprastruktura; pagpopondo sa mga pangako ng Lungsod noong nakaraang taon; pagpopondo sa mga pangako ng lungsod sa kasalukuyan at sa hinaharap; pamumuhunan sa pagpapahusay ng efficiency; pagtuon sa pagpapaunlad ng ekonomiya; at sa pagbabago at mga efficiency.

Ilan sa mga rekomendasyon ni Alkalde Garcia ay:

- Suporta para sa \$2.2 milyong minsanang mga pondo para sa pagpigil at pagtugon sa mga marahas na krimen;
- Suporta para sa \$150,000 na minsanang pagpopondo para sa mga estratehiya sa pakikipag-ugnayan sa komunidad, technique sa de-escalation at iba pang pagsasanay para sa pulisya;
- \$100,000 bilang suporta sa pagsusuri ng krimen;
- \$186,000 para sa Be S.A.F.E na programa para sa kabataan;
- \$200,000 suporta para sa programa ng incentive para sa maliliit na negosyo;
- Suporta para sa pagsasatupad ng Open Counter software upang pahasayin ang efficiency sa pagpapahintulot at paglilisensya ng negosyo;
- \$50,000 patungo sa paggawa ng isang Innovation Hub sa downtown;
- Paggawa ng posisyon para sa coordinator ng Early Childhood Education;
- Isang pilot program para magbukas ng tatlong silid-aklatan tuwing Linggo;
- Suporta para sa \$950,000 upang i-reroute ang paglilinis ng kalsada para mapahusay ang parадahan;
- Suporta para sa \$150,000 na minsanang mga pondo para sa Long Beach Museum of Art; at
- \$50,000 na katumbas na pondo para sa Arts Council.

"Ang budget na ito ay para talaga sa paggawang mas katanggap-tanggap ang Lungsod bilang tirahan. Para man sa pagpapalawak ng mga resource para sa pagsusuri ng krimen upang mapuksa ang karahasan ng gang, karagdagang oras ng pagbubukas ng ilang silid-aklatan o paggawang mas madali ang parадahan para sa mga residente, ang lahat ng aming ginagawa ay dinisensyo upang pahasayin ang kalidad ng buhay para sa lahat sa Long Beach."

- Mayor Robert Garcia



TUKLASIN ANG IMINUNGKAHING BUDGET SA longbeach.gov/openlb

Tuklasin ang iminungkahing budget sa www.longbeach.gov/openlb. Ipinapakita ng mga graph at chart ang mga detalye ng budget para sa FY16. Pagkatapos ay tiyaking isagawa ang Budget Priority Survey at kumpletuhin ang Budget. Challenge! Lahat sa longbeach.gov.